REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 98-10**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD JAIME R. FRESNEDI NA LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN NG PAGPAPAUTANG SA SAMAHAN NG BAYANAN HOMEOWNERS ASSOCIATION, INC. NG HALAGANG LIMANGDAAN WALUMPU'T APAT NA LIBONG PISO (P584,000.00) PARA SA LAND FILLING AT UPGRADING NG ESPORLAS-TAGLE COMPOUND.**

****************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

****************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatakda ng Republic Act 7160 ang pamahalaang lokal ay maaaring magkaloob ng tulong-pinansyal o kasingtulad sa mga samahang pang-pamayanan o di-pampamahalaan para sa ekonomiya o panlipunang proyekto;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Lungsod ang mabisang pagkakaloob ng mga pangunahing serbisyo sa kanyang mamamayan, partikular ang tungkol sa kagalingang panlipunan-na mag-aangat sa kalagayan ng mga maralitang tagalungsod alinsunod sa Programa sa Panlipunang Pagbabago (**Social Reform Agenda**) bilang prayoridad;

**SAPAGKAT,** ang Samahan ng Bayanan Homeowners'Association Inc., Phase II, isang samahan na pampamayanan ay humihingi ng tulong sa lokal na yunit para sa pagtatambak at "upgrading" ng lupa sa Tagle-Esporlas Compound upang ang kanilang proyektong pabahay ay maisakatuparan ;

**NGAYON, DAHIL DITO, ISINASABATAS NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD ANG MGA SUMUSUNOD:**

**SEKSYON 1.** Ang Punonglungsod Jaime R. Fresnedi ay pinahihintulutan na lumagda sa kasunduan ng pagpapautang sa Samahan ng Bayanan Homeowners' Association, Inc. Phase II sa halagang Limangdaan Walumpu't Apat na Libong Piso (P584,000.00) para sa land filling at upgrading ng Esporlas-Tagle Compound;

**SEKSYON 2.** Ang pondong ilalaan ay kukunin sa Continuing Appropriation ng 1996 Community Development Fund (CDF);

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SEKSYON 3.** Ang halagang uutangin ay babayaran sa loob ng dalawang (2) taon.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **23 Marso 1998, sa ginanap na ika-sampung (10th) Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**HULI :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**LIBAN :**

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Punonglungsod

Petsa : 4-7-98

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196